# Igalang ang Iyong mga Magulang

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang isang mahalagang bagay na nasa loob ng iyong *bag* o bulsa? Bakit ito mahalaga para sa 'yo?
- Ibahagi ang isang kakatapos lamang na nakakatuwang pangyayari kasama ang iyong magulang, tagapag-alaga, o tagapagturo.
- Sinubukan mo na bang hindi sundin ang mga panuntunan sa inyong bahay? Bakit? Ano ang naging bunga ng pagsuway mo?

**WORD** *"Igalang ninyo ang inyong ama at ina para mabuhay kayo nang matagal sa lupaing ibinibigay ko sa inyo."* **EXODUS 20:12**

---

Ang ikalimang utos na, "*Igalang ninyo ang inyong ama at ina,*" ay ang unang utos na may kasamang pangako (Mga Taga-Efeso 6:2). Bagama't ang lahat ng sampung utos ay para sa ating kabutihan, ang utos na ito ay natatangi dahil sa biyaya na dala nito para sa isang indibidwal—na siya ay pagpapalain ng mahabang buhay. Ang unang apat na utos ay para sa ating relasyon sa Diyos. Ang susunod na anim na utos ay para sa ating relasyon sa ibang tao—at nagsisimula ito sa ikalimang utos, na tungkol sa ating tahanan. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong paraan na maaari nating gawin upang mapakita ang paggalang sa ating mga magulang.

## 1 Igalang ang iyong mga magulang.

*Dapat ninyong igalang ang inyong ama at ina . . .* **LEVITICUS 19:3**

Itinuturo sa atin ng Bibliya na dapat nating igalang ang ating mga magulang; ito ay utos para sa lahat at hindi lang sa iilan. Ang paggalang ay hindi ibinibigay ayon sa anumang kalagayan, na kung ang tao ba ay karapat-dapat tumanggap nito, o kung sa palagay natin ay dapat itong ibigay. Ang paggalang sa ating mga magulang ay nangangahulugan ng pagbibigay karangalan sa kanila anuman ang mangyari. Ano ang kaugnayan ng paggalang sa ating mga magulang at paggalang sa Diyos? (Malachi 1:6) Paano mo iginagalang ang iyong mga magulang?

## 2 Makinig sa iyong mga magulang.

*[8]Anak, dinggin mo ang turo at pagtutuwid sa iyong pag-uugali ng iyong mga magulang, [9]dahil ito'y makapagbibigay sa iyo ng karangalan katulad ng koronang gawa sa bulaklak at makapagpapaganda katulad ng kuwintas.* **MGA KAWIKAAN 1:8,9**

Sa Hebreo, and salitang, "magulang" ay kaugnay ng salitang "guro." Una tayong natututo sa ating mga tahanan, mula sa ating mga magulang na nakatakdang gumabay, magdisiplina, at mag-alaga sa atin. Sinasabi din sa Mga Taga-Efeso 6:1 na, "*Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang dahil ito ang nararapat gawin bilang mga mananampalataya sa Panginoon.*" Ang pagsunod sa ating mga magulang, kung naaayon sa mga utos ng Diyos, ay para sa ating kabutihan. Paano inilarawan ng Diyos ang taong ayaw ng karunungan? (Kawikaan 1:7)

## 3 Alalahanin mo ang kabutihan ng iyong mga magulang.

*Ang sinumang hindi kumakalinga sa sariling kamag-anak, lalo na sa sariling pamilya ay tumatalikod sa pananampalataya at masahol pa sa mga hindi mananampalataya.* **1 TIMOTEO 5:8**

Sinabihan ni Pablo ang simbahan, bilang isang pamilya, na alagaan ang mga biyuda at mag-isa na, at ang lahat ng nangangailangan ng tulong. Ang mga anak at apo noon ay inaasahang kumalinga sa kanilang nabiyudang magulang, dahil ito ay nakalulugod sa paningin ng Diyos (1 Timoteo 5:4). Bilang mga anak, pinararangalan natin ang ating mga magulang sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa kanila, pag-aalaga, at pagpapakita ng malasakit at pagmamahal. Sa paanong paraan mo ipinapakita ang pangangalaga sa iyong mga magulang?

## APPLICATION

- Paano ka naaapektuhan ng utos na parangalan ang iyong ama at ina? Mahirap ba ito para sa 'yo? Bakit? Ano ang kailangang magbago sa paraan mo nang pakikitungo sa iyong mga magulang simula ngayong linggo?
- Ano ang isang espesyal na bagay na maaari mong gawin ngayong linggo para maparangalan ang iyong mga magulang, at upang maipahayag ang iyong pagmamahal at pagkalinga sa kanila? Ibahagi ito sa iyong grupo.
- Ngayong linggo, paano mo matutulungan o mapalalakas ang loob ng isang tao na nahihirapan sa kanyang relasyon sa kanyang mga magulang?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa iyong ama at ina, at maging sa mga biyayang ibinigay Niya sa iyong pamilya.
- Hingin sa Diyos na punuin ka ng Kanyang kakayahan at katalinuhan, at na bigyan ka ng pusong handang sumunod sa Kanya sa lahat ng bahagi ng iyong buhay.
- Ipanalangin ang iyong mga kaibigan, kapamilya, at kasama sa iyong Victory group na naniniwalang magkakaroon ng pagsasa-ayos ng mga nasirang relasyon sa kanilang mga pamilya.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph